


# INTRODUKSIYON

Kinikilala ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ang pagkakaiba-iba ng mga learner o mag-aaral sa buong bansa bunga ng dibersidad sa wika at kultura. Adhikain din ng NCCA-PCEP na hubugin ang identidad ng mga mag-aaral bilang Filipino, gayundin ang ihanda sila at bigyan ng kasanayan sa mga hamon ng ika-21 siglo.

Upang maisulong ang adhikaing ito, kailangang linangin ang mga wikang lokal at itaguyod ang wikang pambansa. Ating itatampok ang pagkakaiba-iba ng mga kultura sa bansa habang itinatanghal ang pagkakatulad ng kasaysayan at mga karanasan bilang mga Filipino. Sa proyektong *Kuwentong Supling*, pangunahing isinasakatuparan ang mga layuning ito sa muling-pagsasalaysay (re-telling) at paglalathala ng mga kuwentong-bayan na naunang nagsupling sa iba't ibang katutubong pamayanan habang nagkukuwento ang mga magulang sa kanilang mumunting supling.

Sa bisa ng Republic Act No. 9155 (11 Agosto 2001), ang dating Department of Education, Culture and Sports (DECS) ay naging Department of Education (DepEd). Ang batas ding ito ang nagbunsod sa NCCA para likhain ang PCEP upang tugunan ang mga nawalang tungkulin ng DepEd at upang tiyaking ang kurikulum sa batayang edukasyon ay nakasandig sa kulturang Filipino.



Kultura ang humuhulma sa ating isip at nagbibigay sa atin ng kakayahang makilala, magbigay-kahulugan, at mamuhay sa mundo. Ang mga pakikipag-usap, pag-aaral, pag-alaala, at pangangarap ay bahagi ng pagkasangkot natin sa isang kultura. Kaya, mahalagang maging ubod o saligan ng edukasyon, pamamahala, at kabuhayan ang edukasyong nakasandig sa kultura. Tulad ng sagisag-kulturang walis-tingting, ang iba't ibang kultura ay tila tingting na kalat-kalat kung hindi ito pagbubuklurin ng matibay na lubid (sa pamamagitan ng pambansang wika/ kultura), hindi ito magiging ganap na walis na tutupad ng tungkuling maglinis nang buong husay at kamtin ang kasaganahan ng kapaligiran. Ganiyan din ang kulturang Filipino. Bagama't matibay ang magkakaibang kultura sa iba't ibang panig ng bansa, kinakailangan ang pagkakabuklod upang magkaroon ng pambansang kultura at pambansang identidad bilang isang Filipino.

Iyan ang dahilan kung bakit isinusulong ng NCCA-PCEP ang edukasyong nakasandig sa kultura. Ibig nating mapanday ang malalim na kamalayang Filipino, tunay na mauunawan at pahahalagahan ang sining, kasaysayan, heograpiya at pamanang kultural ng Filipino upang magamit ito sa pagtatamo ng malaya, may dangal, masagana, at may kalidad na pamumuhay.

Masidhi ang paggigiit ng NCCA na isulong ang kapangyarihan ng kultura upang paunlarin ang Filipino. Sa pamamagitan ng PCEP, maraming pagsisikap ang NCCA tulad ng pagbibigay kapasidad sa mga guro na gamitin ang kultura bilang aralin at materyal sa kanilang pagtuturo; imulat ang mag-aaral, lokal na opisyal ng pamahalaan, media, manggagawang



pangkultura, at mga institusyon sa kahalagahan ng wika, kalikasan, pamana ng lahi, sining, kasaysayan, at kultura. Sinusuportahan nito ang paglinang ng mga babasahin at materyal na magagamit sa paghubog ng mga mag-aaral at tagapagturo.

Ang *Kuwentong Supling* ay publikasyon ng NCCA-PCEP. Tumutugon ito sa kahingian ng edukasyong pangkultura sa bansa na bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo ng mga paaralang lokal ayon sa Enhanced Basic Education Act of 2013 (RA 10533), Sec. 5. Binibigyang-awtoridad ang mga ahensiyang lokal ng edukasyon na humubog ng mamamayang may sapat na kaalamang pangkultura ng kaniyang kagyat na konteksto upang mapakinabangan sa kaniyang kaunlaran. Ang mga paaralan at guro ay may tungkuling gumawa ng mga lokal na materyal pampagtuturo upang higit na maging makabuluhan sa mag-aaral ang edukasyon. Sa mga bagong edisyon ng *Kuwentong Supling* katuwang ng NCCA-PCEP sina Dr. Jovy M. Peregrino at Dr. Galileo Zafra sa pagpapatuloy ng mga palihang rehiyonal para bigyan ng sapat na kakayahan ang mga guro sa mga lokal na komunidad na manaliksik at lumikha ng mga angkop na kagamitan sa kanilang pagtuturo upang higit na makaangkop ang kanilang mag-aaral.

Pilit na inaabot ng NCCA-PCEP ang mas maraming komunidad at mas maraming wika upang itanghal ang kanilang mahuhusay na kultura. Maging inspirasyon nawa ang babasahing ito sa lahat ng makababasa.

JOSEPH "SONNY" J. CRISTOBAL, PH.D.
Direktor, NCCA-PCEP